

Pag-inom ng Prophylaxis Bago ang Pagkahawa (Pre-Exposure Prophylaxis, PrEP) kapag Kailangan

Update sa COVID-19

Dapat ang lahat ng mga New Yorker ay manatili sa bahay at bawasan ang kontak sa iba.

- Tingnan ang gabay sa [pag-enjoy sa mas ligtas na seks](#).
- Kung kailangan mo ng refill ng iyong reseta sa PrEP o may mga tanong ka tungkol sa PrEP, manatili sa bahay at tumawag o i-email ang tagapagkaloob mo sa pangangalagang pangkalusugan.
- Kung umiinom ka ng Truvada bilang pang-araw-araw na PrEP at ikaw ay cisgender na lalaki na nakikipagseks sa mga lalaki, maaari kang makatipid sa mga gamot mo na PrEP sa pamamagitan ng pag-inom ng [PrEP kapag kailangan](#).

Dalawang Paraan sa Pag-inom ng PrEP


May **dalawang paraan** ngayon sa pag-inom ng PrEP upang iwasan ang HIV. Para sa higit na impormasyon sa PrEP, bisitahin ang nyc.gov/health at hanapin ang **PrEP**.

1. **Pang-araw-araw na PrEP:** Uminom ng isang pill minsan sa isang araw — kahit na sa mga araw na hindi ka nakipagseks ng anumang uri (bibig, puwit, ari ng babae, atbp.) o nagtuturok ka ng droga. Truvada at Descovy ay inaprubahan para sa pang-araw-araw na PrEP.
2. **PrEP kapag kailangan:** Kung ikaw ay isang cisgender na lalaki na nakikipagseks sa mga lalaki, ang pag-inom lang ng PrEP bago at pagkatapos mong makipagseks sa puwit ay makakaiwas ng HIV. Dapat na gamitin lang ang Truvada sa PrEP kapag kailangan.
 - **TANDAAN:** Ang pag-inom ng PrEP kapag kailangan ay hindi inaprubahan para sa lahat. Pinoprotektahan nito ang dalawang magkapartner sa panahon ng seks sa puwit pero maaaring hindi nito maiiwasan ang HIV sa panahon ng seks na ipinasok ang ari ng lalaki sa ari ng babae. Ang PrEP kapag kailangan ay naipakitang gumagana lang sa mga lalaking cisgender na bakla at silahis.

Ang 2-1-1 na Iskedyul sa Pag-inom ng PrEP kapag Kailangan

Kung nakipagseks ka **isang** beses, uminom ng:

- **2** pill na hindi bababa sa 2 hanggang 24 na oras bago ang seks
- **1** pill 24 na oras pagkatapos ng unang dosis
- **1** pill 48 oras pagkatapos ng unang dosis



Kung patuloy kang nakikipagseks lampas sa 24 oras pagkatapos ng iyong **dobleng dosis**, patuloy na uminom ng isang PrEP pill kada 24 na oras hanggang sa mainom mo ang dalawang dosis pagkatapos ng huling pagkakataon na nakikipagseks ka.

Sino ang Maaaring Gumamit ng PrEP kapag kailangan

Ang pag-inom ng PrEP kapag kailangan ay tamang-tama para sa mga lalaking cisgender na nakikipagseks sa mga lalaki at hindi regular na nakikipagseks.

Kung iinumina mo ang bawat dosis, ang PrEP kapag kailangan ay napakapektibo sa pag-iwas sa HIV sa panahon ng seks sa puwit.

- Pinag-aralan lang ito para gamitin ng mga lalaking cisgender na bakla at silahis.
- Hindi pa ito pinag-aralan para gamitin ng mga babaeng transgender o iba na maaaring nakikipagseks sa puwit.

Ang mga tao na nakikipagseks sa ari ng babae ay **hindi dapat** gumamit ng PrEP kapag kailangan.

- Tumatagal na umabot ang mga gamot sa PrEP sa tisyu ng ari ng babae.
- Ang Pang-araw-araw na PrEP ay isang opsiyong pinag-aralang mabuti para sa mga tao na nakikipagseks na ipinasok ang ari ng lalaki sa ari ng babae.

Pang-araw-araw na PrEP Versus PrEP kapag Kailangan

	Pang-araw-araw na PrEP	PrEP kapag Kailangan
Sino maaaring gumamit nito	Sinuman	Hindi para sa seks na ipinapasok ang ari ng lalaki sa ari ng babae
Ano ang gagamitin	Truvada o Descovy	Truvada lang
Kailan iinumina ito	Araw-araw	Bago at pagkatapos mong makikipagseks
Pagpapalano	Wala — inumin lang ito araw-araw	Dapat inumin ang unang dosis bago ang seks

Kung hindi mo ito iinum ng seks	Para sa mga lalaking cisgender na nakikipagseksa sa mga lalaki, gumagana ito kahit na minsan nakakaligtaan nilang uminom ng dosis; hindi dapat subukan ng iba na kaligtaan ang anumang mga dosis.	Gumamit ng mga condom, o uminom ng prophylaxis pagkatapos ng pagkahawa (post- exposure prophylaxis, PEP) sa isang emergency.
Kung nakaligtaan mong uminom ng isang dosis pagkatapos ng seks	Para sa mga lalaking cisgender na nakikipagseks sa mga lalaki, gumagana ito kahit na minsan nakakaligtaan nilang uminom ng dosis; hindi dapat subukan ng iba na kaligtaan uminom ng anumang mga dosis.	Hindi maaaring kaligtaan uminom ng isang dosis
Mga masamang epekto	Walang pagkakaiba	Walang pagkakaiba

Higit na impormasyon:

- [PrEP On Demand: Guidance for Medical Providers \(PrEP Kapag Kailangan: Gabay sa mga Medikal na Tagapagkaloob\)](#)
- [PrEP to prevent HIV \(PrEP upang iwasan ang HIV\)](#)
- [Emergency PEP to prevent HIV \(Emergency na PEP upang iwasan ang HIV\)](#)
- [Where to get PrEP and PEP in New York City \(Saan makakukuha ng PrEP at PEP sa Lungsod ng New York\)](#)

Maaaring baguhin ng Kagawaran ng Kalusugan ng NYC ang mga rekomendasyon habang nagbabago ang sitwasyon.

6.17.20